

# PROLOGUE

Tahimik na ang buong kabahayan. Bumangon si Rachele at nagpasyang bumaba sa kusina upang uminom ng mainit na gatas dahil hindi siya makatulog. Subalit pagbukas niya sa pinto ng kanyang kuwarto ay di-sinasadyang nakita niyang dumaan ang madrasta habang nakikipaghalikan sa kabit nito at hinuhubaran na ito ng lalaki.

Ikinabigla niya iyon. Patungo ang dalawa sa master bedroom. Napatda siya at di namalayang nasundan pala niya ng tingin ang mga ito na may milagrang ginagawa.

Sa sandaling iyon ay bumaling ang mukha ni Rosella sa direksyon niya at nakita siya. Mapang-uyam na napangiti ito nang makita ang nanlalaki niyang mga mata at ang pagkabigla sa kanyang mukha.

“Hi, my dear stepdaughter. Wanna join us?” nang-iinis ang tinig na tanong nito.

Tumingin sa kanyang gawi ang kabit nito. Mas matanda ito sa kanyang madrasta at isang banyaga. Nakita niya ang mga mata nitong puno ng pagnanasa,

pero nawala iyon nang bumaling ito sa kanya. Gayunman ay napalunok siya nang manatili itong nakatingin sa kanya.

There was a wicked glint in Rosella's eyes. "Honey, why don't you invite her to our bed?"

Nabigla siya sa narinig at napaatras.

Napatingin naman ang lalaki sa kaulayaw. "Oh, leave the girl alone, Honey. This is between you and me." At sinibasib nito ng halik ang leeg ni Rosella. Napatili ang babae.

Hindi na natagalan ni Rachele ang eksena. Mabilis niyang tinalikuran ang dalawa at isinara ang pinto ng kanyang kuwarto. Narinig pa niya ang matunog na halakhak ng madrasta.

Pang-ilan nang lalaki iyon na iniuwi ni Rosella sa kanilang bahay. Kahit noon pa ay pinipindeho na nito ang kanyang ama.

*Kalilibing lang ni Daddy nang nakaraang linggo...*

Ulilang-lubos na siya. Namatay sa ovarian cancer ang kanyang ina pagkatapos niyang mag-graduate sa high school.

Bata pa ang kanyang madrasta nang mapangasawa ang daddy niya. Tatlong taon lang ang tanda nito sa

kanya at noon pa man ay nagpakita na ng kagaspangan ng ugali. Halos siyam na taon ding kasal ang mga ito at kahit kailan ay hindi niya nakasundo.

“Hit me hard... Yes... Harder!”

Hiniling niyang sana ay matapos na ang gabing iyon at nang matapos na rin ang malalaswang salitang naririnig niya habang nagtatalik ang dalawang nasa kabilang silid.

# 1

Nagaganap nang gabing iyon sa ballroom ng isang sikat na hotel ang anniversary party ng *Caspari Watches Philippines*. Maraming empleyado at panauhin ang nasa bulwagan. Katatapos lamang magbigay ng speech ang Chief Executive Officer at President ng kompanya. The party was now in full swing.

Kabilang sa mga empleyado roon si Rachelle Yuzda, She was lovely to look at despite the simplicity of her sleeveless black billowy long dress with beaded detail. Maayos ang pagkakatali ng buhok niya at ang makeup sa kanyang mukha ay iyong tinatawag na soft smoky look. Magkaterno ang kulay ng kanyang sapatos at clutch bag, silver.

Nang mga sandaling iyon ay kasama niya si Mr. Conrado Pimentel, ang Vice President for Marketing ng *CWP*. Junior secretary siya nito at isang buwan pa lamang siyang nagtatrabaho sa kompanya.

Hindi makakasama ang asawa ni Mr. Pimentel dahil mayroong ibang event na pupuntahan, kaya pinakiusapan siya ng immediate superior na kung maaari ay samahan ang matanda sa pagtitipon. Hindi

siya tumanggi pagkat parang ama na rin ang turing niya rito. Natutuwa sa kanya si Mr. Pimentel at animo anak kung pakitunguhan siya nito lalo na at hindi na kasama ng mga ito sa bahay ang sariling mga anak na pawang may-asawa na.

Nilapitan nila ang isang matangkad na lalaking tila standout sa gathering na iyon dahil sa matikas nitong tindig. Nakasuot ito ng itim na amerikana. Habang may hawak na kopita ay kausap nito ang ilang panauhin na hindi kabilang sa *CWP*.

Tinapik ni Mr. Pimentel ang balikat nito at napaligon ito sa kanilang gawi.

“Excuse me, please,” sabi ng matangkad at guwapong lalaki sa mga kausap at hinarap sila. Nakipagkamay ito kay Mr. Pimentel. “Conrado, I’m glad you’re here,” nakangiting saad nito. “Nasaan ang asawa mo?”

“Well, my wife couldn’t make it. May fundraising event siyang pinuntahan. And, oh, I want you meet my junior secretary. This is Rachelle.” Nagmuwestra ito sa gawi ng dalaga. “Rachelle, meet our big boss.”

Si Franco Levin Caspari—‘Lev’ kung tawagin ng mga executives—ang may-ari ng kompanyang involved sa paggawa ng luxury timepieces, ang

*Caspari Watches Philippines* o *CWP*. Alam na niya ang pangalan nito maski hindi pa banggitin ni Mr. Pimentel.

Napatingin ang binata sa kanya; his eyes twinkled in admiration for her. Inilahad nito ang kamay upang makipag-handshake sa kanya. “Hello, Rachelle. I hope you’re enjoying the party.”

She was stunned. She found herself mesmerized by the way he gazed at her. She forced herself out of the spell he seemed to have cast upon her. Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito at hindi niya napaghandaan ang sensasyong lumukob sa kanya. Nakadama siya ng kuryente sa pagkakadaop ng kanilang mga palad. Bumilis ang tibok ng kanyang puso at halos manlambot ang mga tuhod niya. She felt a shiver ran down her spine. His hold on her hand was firm and his eyes were intent on hers.

Pinilit niya ang sarili na magsalita, “Uhm... I’m pleased to meet you, Sir.”

A sexy smile curved his lips. He let go of her hand but his eyes never left her face.

Parang gustong manginig ni Rachelle sa tinging ipinupukol sa kanya ng kaharap. Ang kamay niyang hinawakan nito ay ikinuyom niya at itinago sa likod

ng kanyang clutch bag upang huwag mapansin ang panginig niyon.

Bumaling si Levin kay Mr. Pimentel. “She’s your new junior secretary?”

Tumango ang huli. “Yes, Lev. Actually, isang buwan na siyang nagtatrabaho sa akin.”

Napatangu-tango ang big boss matapos uminom ng champagne mula sa kopitang hawak nito. “I see.” Ibinalik nito ang tingin sa kanya. “So are you enjoying your job in the company, Rachelle?”

Nakangiting tumango siya. “Very much, Mr. Caspari.”

“That’s good to hear.” Kumislap ang mga mata nito.

“Oh, there’s Rod,” ani Mr. Pimentel na napatingin sa isang dako ng ballroom kung saan namataan nito ang isang lalaki. “Rachelle, okay lang ba kung maiwan muna kita kasama ang big boss natin? May kakausapin lang ako.”

“Sige po, Sir,” magalang na tugon niya kahit pa kinakabahan siyang makasama mag-isa si Levin.

“I’ll see you two later,” anito at iniwan na sila.

Sandaling pinanood nila ang paglayo ng matanda. Napatingin si Rachelle sa binata nang magsalita ito.

“Do you want a drink?”

Napadako ang kanyang mga mata sa unipormadong waiter na may dalang tray ng champagne flutes. Nakatigil ito sa kanilang tabi.

“Why not?” nakangiting sabi niya.

Akmang kukuha siya ng inumin, subalit naunahan siya ni Levin. Kumuha ito ng isang flute mula sa tray at iniabot sa kanya. Their fingers brushed when she took it from him. Pakiramdam niya ay tuluyang nanlambot ang kanyang mga tuhod dahil sa contact na iyon.

“Thank you.”

Ngumiti ito. “What’s your family name?” nang-aarok ang tingin sa kanya na tanong nito.

“Yuzda, Sir.”

Natigilan ito at bahagyang naningkit ang mga mata mata. “Yuzda...”

“Bakit po? May kakilala ba kayong may ganoon ding apelyido?”

Tila natauhan ito. “Ah, wala. Para kasing ngayon



lang ako nakarinig ng ganyang apelyido. Kakaiba.”

Nginitian niya ito. Lingid sa kanya ay napatiimbagang si Levin.

“So how does it feel working for the company?”

“Uhm...” Tumikhim siya. “I think this is where I’d find fulfillment,” tugon niyang nakangiti. “I love my job here.”

May dumaang emosyon sa mga mata ng lalaki na dagling nawala. Napatangu-tango ito. “Is this your first job?”

“Yes, I actually had my on-the-job training here.”

“I see...” Sandaling tumigil ito sa pagsasalita at pinagmasdan siya. “Sinabi ni Conrado na isang buwan ka pa lang nagtatrabaho rito.”

“Totoo po ’yon, Sir.”

“Malayo ba ang inuuwian mo mula sa opisina?”

“Uhm... sa Quezon City po ako nakatira. Sa Lagro.”

Sandali itong natigilan at mayamaya ay napatango, pero parang hindi naniniwala sa kanyang sinabi. “I see. Do you have a family of your own?”

“You mean like a husband and kids? Wala, Sir,”  
aniya, sabay iling.

“Still single? Are you committed to someone right now?” walang anu-ano ay tanong nito.

Saglit siyang napatitig dito at bahagyang naningkit ang mga mata bago sumagot. “Why do you ask?”

Nakalimutan niyang hindi nga pala basta-bastang tao si Levin. He was her boss.

Nagkibit-balikat ang kausap. “Wala naman. It’s normal for a guy to ask a woman such a question, isn’t it?”

Tumikhim siya. “And if I do have a boyfriend?”

“If? Sa ganda mong ’yan, imposibleng wala.”  
Matiim siyang pinagmamasdan nito habang sinasabi iyon.

“Well, wala akong boyfriend.”

“Really?” Napailing-iling ito. “I wonder why.”

Akmang magsasalita si Rachelle nang may isang babaeng tumawag kay Levin at lumapit sa kanila. Nakahinga siya nang maluwag. Saved by the bell! Hindi niya gusto ang topic tungkol sa

pakikipagrelasyon.

“Hello there, Levin. It’s nice of you to invite me here.” Nagpalitan ng halik sa pisngi ang dalawa.

“Alodia, I’m glad you’re able to make it tonight,” nakangiting saad ng lalaki.

“Puwede ba namang hindi? Aba, importanteng tao yata ang nag-imbita sa akin.”

Pagkuwa’y narinig niyang nagtawanan ang dalawang nag-uusap. Tahimik lang siya habang pinanonood ang mga ito.

Napansin siya ni Alodia. “Oh, I’m sorry, I interrupted your conversation with the pretty miss here.” Ngumiti ito sa kanya.

Ipinakilala ni Levin ang dalawang babae. “Alodia, this is Rachelle, Mr. Pimentel’s junior secretary. Rachelle, this is Alodia, a famous professional artist.”

“Hello,” anang babae at nakipagkamay sa kanya. Nakangiting tinanggap niya iyon. “Oh, excuse us, Lev. Hihiramin ko muna si Rachelle, ha?” baling nito sa lalaki.

Nagkibit-balikat ito. “Go ahead.”

Magalang na nag-excuse din si Rachelle sa

kanyang big boss. Sumama siya kay Alodia sa isang bahagi ng ballroom na hindi naman kalayuan sa kinatatayuan ni Levin.

“You’re pretty. And you can easily pass for an artist’s model. Would you like to sit for me?” friendly na tanong nito.

Napalunok siya. “You mean pose for you?”

Tumango si Alodia habang nakangiti.

Alanganin ang ngiting ibinigay niya rito. “Pasensya ka na, ha? Pero hindi ko tipo ang mga ganyan. And I really don’t think I’m beautiful enough to be painted by you.”

“Oh, you have no idea how lovely you are. Hindi mo ba napapansin? Halos lahat ng kalalakihan dito sa ballroom ay sa iyo nakatingin.”

“Sorry, pero baka mahirapan ka lang sa akin,” aniya sa artist. “I mean, baka mainis ka lang sa akin kung galaw ako nang galaw, when you need me to sit still. At ayoko talaga.”

“I hope one day you will change your mind,” nakangiting saad ni Alodia.

“I don’t know... ayaw kitang paasahin.”

“Anyway, I’d like to invite you to my exhibit next Saturday. I hope you’ll be there.” May ibinigay itong sobre sa kanya. “You may bring someone with you.”

Nakangiting nagpasalamat si Rachelle.

---

Natapos ang pagtitipon. Nag-alisan na ang karamihan sa mga bisita. Nakatayo sa bungad ng ballroom si Levin at pinagmamasdan ang papalayong mga pigura nina Mr. Pimentel at Rachelle na kasabay ang ibang panauhin na magsisiuwian na rin. Nais sana niyang ihatid ang dalaga, subalit hinayaan na lamang niya ito kasama ng VP niya.

“Hoy, ibang klase ang tingin na ’yan, ha?” pukaw sa kanya ni Roderick Villaroel, ang Assistant Vice President for Finance ng *CWP*. Magkababata sila at matalik na magkaibigan. “I saw the way you looked at her all throughout the party. Interesado ka sa kanya, tama ba ako?”

Bumaling siya kay Rod. He half-smiled at his friend’s comment. Yes, he was interested in Conrado’s junior secretary. Pero hindi niya maunawaan kung bakit may pagtatalo sa isip at kalooban niya. In his mind, he should only feel hatred. But strangely enough, he could also feel an undeniable attraction

for Rachelle.

“Siya ang babaeng ’yon, Rod.”

Natigilan ito. “Ano’ng sinabi mo? Siya na ang soulmate mo?”

“Ulol! Ang ibig kong sabihin, she is Uncle—”

“I get it. You’re telling me she’s the b-i-t-c-h who broke your uncle’s heart and fed it to the dogs?” Bilang malapit na kaibigan ng pamilya Caspari, alam ni Rod ang sinapit ng tiyuhin niya.

“She’s *the* bitch, indeed,” sigurado sa sarili na sabi niya.

Humalukipkip ito. Kanina ay pahapyaw na ipinakilala ni Mr. Pimentel kay Rod ang dalaga. “Hmm... ewan ko, pero parang gusto kong magduda na si Rachelle Yuzda nga mismo ang tinutukoy mong babae na napaugnay sa uncle mo.”

Kumunot ang noo ni Levin, hindi makapaniwala sa narinig mula sa kausap. “Si Rachelle Yuzda na naging kasintahan ni Uncle Alexei at si Rachelle Yuzda na junior secretary ni Conrado ay iisa,” giit niyang tumiim-bagang. “At tingin mo, ilang Rachelle sa buong Pilipinas ang may apelyidong ganoon?”

“Baka nga siya lang,” pakli ni Rod.

“Ang kapal ng mukha na dito pa sa *CWP* napiling magtrabaho matapos ang ginawa niya kay Uncle Alexei!”

“Pinaimbestigahan mo ba siya?”

Umiling siya. “Nope. I just relied on the information my uncle gave me.” Hindi niya maunawaan kung bakit hindi niya magawang ipa-background check ang dalaga. It seemed like something was holding him back. But he would do it one of these days.

“But I still couldn’t believe that a woman with such an angelic face would do such a thing,” katuwiran nito. “Gusto mong sabihing maaaring mali ako?” pakli niya. “Pare, lahat ng personal info gaya ng birthday, age, address, home telephone number... It’s *her*. Ano pa ang dapat kong malaman?”

“Ang hitsura niya, perhaps? Didn’t you ask your uncle for a picture of this... woman?” suhestyon ni Rod. “Ah, isang bagay na alam mong dating pag-aari ng uncle mo na ngayon ay nasa kamay na ng babaeng inaakusahan mo. But I’m telling you, circumstantial evidence lang iyon. Hindi ka pa rin nakasisigurong siya ang babaeng may kaugnayan noon sa tiyo mo hangga’t hindi ang Uncle Alexei mo mismo ang nagsabi.”

“Whatever,” dismiss ni Levin sa narinig.

“Hindi ko yata gusto ang nakikita ko d’yan sa mukha mo. Ano’ng pinaplano mo, ha?”

“Plano? Well...” Nagkibit-balikat siya. “Hindi ko pa alam. Just wait and see,” makahulugang tugon niya.

Walang anu-ano ay narinig niyang may tumawag sa kanya. Isa iyon sa mga empleyado niya. Tumatakbo ito palapit sa kanila ni Rod.

“Sir Levin!” Humihingal na huminto ito malapit sa kanya. “Si Mr. Pimentel...”

Nakadama siya ng pag-aalala para sa VP for Marketing. Si Rod ay naging alerto rin.

“Bakit? Ano’ng nangyari sa kanya?” usisa niya.

“Natumba ho siya, inatake siya sa puso.”

Nabigla ang magkaibigan. Hindi sila nag-aksaya ng oras at nagmamadaling pinuntahan ang matanda upang dalhin sa ospital.

---

Nang sumunod na Sabado, dumalo si Rachelle sa painting exhibit sa isang art gallery sa Makati, ang *Ricco Renzo Gallery*. Ang event ay sponsored ng isang



popular socialite sa elite circle ng Maynila. Ang mga likha ni Alodia, ang artist na nakilala niya sa party ng *CWP*, ang naka-display roon. Ang bawat painting ay naiilawan ng spotlight.

Nakasuot siya ng funnel-collared black and white short dress na tinernuhan niya ng itim na sapatos. Nakalugay ang kanyang straight blue black hair na hanggang balikat at ang mukha niya ay may 'barely there' makeup.

Masayang sinalubong siya ni Alodia at saglit na nakipagkuwentuhan sa kanya. Mayamaya ay iniwan na siya ng babae upang estimahin ang ibang panauhin sa exhibit nito.

Tumingin si Rachelle sa isang dako ng art gallery. Di-sinasadyang nahagip ng tingin niya ang isang pamilyar na pigura. Si Levin! Narito rin pala ang lalaki. Kausap ng lalaki ang isang sopistikadang babae na nakakapit sa braso nito at masyadong nakadikit sa katawan nito.

Minabuti niyang mag-ikot upang tingnan ang mga likha ni Alodia. Tumigil siya sa isang larawan at napatda dahil doon. Makisig na katawan ng isang lalaki ang nasa frame.

Halos lumabas sa sockets ang kanyang mga mata

sa nakita. The model, whoever he was, had a great figure—hard arm muscles, broad chest, flat abdomen, narrow waist, lean hips and muscular thighs.

Exaggerated na napabuntong-hininga siya.

*Gosh, ang sexy!* Sa malas ay hindi kita ang mukha nito. Paano, putol ang ulo ni Mr. Sexy sa larawan. From the chest down hanggang mid-thigh lamang ang kita roon. Sayang!

Natatakpan ng body paint ang kabuuang bahagi ng nakakakilig na katawang iyon. Parang mula iyon sa Garden of Eden. Sa kanang bahagi ay painting ng asul na langit na may mga ulap. Sa kaliwang bahagi ng katawan ay nakapinta ang isang apple tree na may bunga ng mansanas sa dulo. May nakapulupot na ahas sa katawan ng puno... napatingin siya sa snakehead. Naku po!

Napapikit siya bago mabagal na iminulat ang mga mata at muling pinagmasdan iyon. Ang kalahating bahagi ng katawan ng ahas ay humuhugis sa 'down there' ng lalaki na ang snakehead ay iyon mismong *dulo*.

Natutop ni Rachelle ang kanyang bibig, sabay napapikit. *Gosh!* Bakit ganito ang nararamdaman niya? She was feeling hot! Dahil ba sa...

*Heh! Ang bastos mo! saway ng matinong bahagi ng isip niya.*

*What bastos are you talking about? It's art, damn it! kontra ng pilyang bahagi ng kanyang utak.*

Ipinilig niya ang ulo at muling nagmulat. Ayun na naman... napatutok *doon* ang sense of sight niya. Pilit niyang inilihis ang pansin mula sa snakehead at pinagmasdan ang kabuuan ng body art. Maganda ang pagkakagawa niyon, magaling ang pagkakatapinta ni Alodia.

*Amazing! Ang macho ng katawan ng unknown hombre. I wonder kung sino siya?*

Naalala niya tuloy ang makisig na katawan ni Levin. Hindi niya alam kung bakit bigla niyang naisip na sana ay ito na lang ang nagmamay-ari ng painted body na iyon.

*Hello! Posible bang pumayag siyang maging model ng sinumang painter at pintahan nang ganyan ang katawan niya? pagtataray ng isang bahagi ng kanyang isip.*

*Aba, malay mo! Anything is possible, hirit ng pilyang panig ng kanyang utak. Think about it, it's like you've seen Levin's one-eyed snake, eww!*

Natawa siya sa sariling isipin at saka nagkibit-balikat na muling pinagpantasyahan ang katawang iyon... hanggang sa dumako sa punto na hindi niya akalaing maiisip niya; *his body making love to her.*

Ano ba iyan! Nagiging mahalay na yata ang utak niya dahil sa lintik na larawang iyon!

Dahil nabatubalani na siya sa obra na iyon kaya hindi niya namalayan ang paglapit sa kanya ni Levin. Natauhan na lamang si Rachelle nang maramdaman ang kakaibang sensasyong nanunulay sa kanyang kaibuturan.

Nakatayo ito sa kanyang likuran, their bodies almost touching. She felt goosebumps rise at the back of her neck, her nerves tingled, and her heart raced. She also felt something new. Nagimbal siya sa napagtanto; she felt aroused!

“Admiring the painting?” he asked in a sexy voice, his mouth close to her ear.

Namula ang kanyang mukha. She could feel the heat emanating from his tall, powerful body increasing the tension inside of her.

“Err... yes. The male model’s body is—magnificent.”

Napangisi si Levin. “Magnificent, hmm?” tukso nito.

Nahulaan niya kung anong ‘magnificent’ ang tinutukoy nito. Lumingon siya rito upang tingnan ito nang masama, subalit hindi niya inaasahan na napakalapit pala ng mukha nito at kamuntik nang magdikit ang kanilang mga labi. Nagulat siya at lumayo.

Napatawa tuloy ang binata. Muli itong lumapit sa kanya. Inilagay pa nito ang mga kamay sa magkabilang braso niya malapit sa kanyang mga balikat, tila nangse-seduce na humahaplos doon. Napaigtad siya at napalunok. Lihim itong napangiti; he knew his effect on her.

“Well, I would have loved to buy that piece for you. Unfortunately, it’s no longer for sale,” sabi ni Levin.

“And why should you want to buy it for me in the first place?” balik niya.

“Maybe I want to give it to you as a gift,” he said sexily.

Hindi niya matagalan ang pagkakalapit nila. She placed a distance between them. Nabitawan siya nito. Tila gusto niyang paypayan ang sarili dahil sa

pakiramdam niya ay naiinitan siya.

“Then, buti na lang at hindi mo na mabibili ’to para sa ’kin, Mr. Caspari. It’s no longer for sale, you said?” aniya na ang mga mata ay nakapako sa mansanas sa painting.

“I heard nai-reserve na ’yan bago pa man idaos ang exhibit,” paliwanag nito. “Hiniling lang ni Alodia sa nakabili na saka na kunin. Pandagdag na rin sa naka-display, para may matingnang iba ang mga tao.”

“Oh...” Kunsabagay, marami ngang art lovers at mga hindi masyadong art lovers na gaya niya ang magkakainteres sa painting na iyon.

Naghari ang katahimikan sa pagitan nila. Mayamaya ay nagsalita si Levin.

“Is this your hair’s natural color? Blue black?”  
He took a few strands of her hair.

Naiilang man sa ginawa nito ay tumango si Rachele. “Yes, Sir. Pero hindi ko po alam kung kanino ko minana. Hindi naman ganito ang kulay ng buhok ng parents ko. Baka may ninuno akong foreigner at namana ko sa kanya ang hair color ko.”

“Baka nga.” Binitiwang nito ang strands ng buhok niya, ngunit hindi pa rin nito inaalis ang pagkakatatig

sa kanya. Naiilang na tuloy siya.

“Marunong ka ba ng body painting?”

“Nah, hindi. Never kong naranasang gawin ’yun. Hindi ko kaya ang magpinta ng hubad na katawan.”

Napahalakhak ito. “Halimbawa ngang marunong ka, if you were to be given a chance, papayag ka ba? Lalo na kung... lalaki ang pipintahan mo?”

Nakangiwing tumingin siya sa katabi at umiling. Dahil masyado nang mainit ang kanyang pakiramdam ay iniba niya ang usapan.

“May balita ka ba tungkol sa kalagayan ni Mr. Pimentel?”

May kalahating ngiti na sumilay sa mga labi ng lalaki. Mayroon ding kakaibang kislap ang mga mata nito.

“He’s out of danger,” pakli nito na may tiim-bagang. “That is all I can say for now.”

## 2

Hindi pa rin makapaniwala si Rachelle sa ibinalita sa kanya ng Director for Human Resources. Naglalakad siya patungo sa executive offices dahil may interview siya ngayon. Siya ang napiling papalit sa executive assistant na naka-indefinite leave.

Karapat-dapat ba siya roon? Makakaya ba niyang tiisin na makatrabaho ang magiging bagong boss? At twenty-five, maaga para sa kanya ang promotion na ito.

Napangiwi siya. Alam ng nakakarami ang reputasyon ng lalaking iyon na mahirap i-please at masyadong perfectionist. Mas gugustuhin pa niyang manatiling magtrabaho kay Mr. Pimentel.

Subalit sa kasalukuyan ay hindi maaaring magtrabaho ang VP for Marketing. Mr. Pimentel suffered a heart attack on the night of the company party and had to go on sabbatical leave to recover. His body was partly paralyzed. Ang department nito ay hinawakan ng isang OIC na humiling na makapili ito ng sariling sekretarya.

Dahil 'floating' ang status ni Rachelle, ipinasya ng



HR Director na siya ang ilagay sa opisina ng big boss.

Kasabay ng pagli-leave ni Mr. Pimentel ay ang napipintong pag-alis ng executive assistant ni Levin. Hindi inaasahan ni Rachelle na siya ang ia-assign doon.

Paliko na siya sa pasilyo nang matigilan. Nakarinig siya ng dalawang lalaking nag-uusap. Hindi sinasadyang napakinggan niya ang paksa ng mga ito.

“Aba, sinamantala mo ang pagkakataon, ha? Talagang kinuha mo siya bilang bagong EA mo,” anang boses ni Rod. “Attracted ka nga sa kanya, ano?”

Napasilip na si Rachelle nang marinig na ‘siya’ ang paksa.

Nakita niyang nagkibit-balikat lamang si Levin. “Bumalik ka na nga sa opisina mo at magtrabaho,” tugon nito sa lalaki.

Naiiling na natatawang iniwan ni Rod ang kaibigan at pumasok sa pintong katapat nito. Si Levin naman ay nagsimulang maglakad patungo sa sariling opisina.

Napahinga nang malalim si Rachelle at hindi niya maiwasang maging curious. Attracted nga ba sa

kanya ang magiging bagong boss niya? And so what? Alam niyang may hitsura siya at maraming lalaki ang nagkakagusto sa kanya. Wala lamang siyang pinapatos dahil hindi pa siya handang makipagrelasyon. The men, including Levin, could stare all they want. Kaya niyang kontrolin ang kanyang sarili. Nagkibit-balikat na lamang siya sa isiping iyon at ipinagpatuloy ang paglalakad.

Nang makarating siya sa opisina ni Mr. Caspari ay nilapitan niya ang isang babaeng nakaupo sa harap ng mesa malapit sa glass sliding doors na awtomatikong nagbubukas. Ito marahil ang receptionist.

“Oh, yes. Mr. Caspari is expecting you, Miss Yuzda,” sagot nito matapos siyang magpakilala. “Just a minute.” Pinindot nito ang intercom upang ipagbigay-alam sa big boss na dumating na siya. Narinig ni Rachelle ang pamilyar na tinig ng lalaki na nagsasabing papasukin siya. “Yes, Sir,” tugon nito bago bumaling sa kanya. “You may go right through that door,” anito na itinuro ang pinto sa kanan nito.

Ilang sandali pa’y nasa tapat na siya ng pinto ng office ng Chief Executive Officer and President ng *CWP*. Humugot siya ng ilang malalim na hininga upang bawasan ang kaba sa kumakabog niyang dibdib. May kumpiyansa na sa sarili na kumatok siya

sa pinto bago binuksan iyon. Taas-noo na pumasok siya sa loob at maingat na isinara ang pinto.

Bumungad sa kanya ang isang magarang silid. Maganda ang interior niyon, very manly. Black and white ang mga dominanteng kulay.

Nasalubong niya ang nanunuring titig ng isang pares ng dark amber na mga mata. Nakaupo sa executive chair si Levin.

Bahagyang kinabahan si Rachelle nang mapansin ang malamig na expression nito ay napalitan ng galit. Diyata't kanina lang ay narinig niyang buskahin ito ng kaibigan na attracted di-umano sa kanya? Wala siyang makitang palatandaan ng attraction sa mga matang iyon na nakatingin sa kanya. Napuna pa niyang hinagod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Good morning, Mr. Caspari. I’m sorry if I’ve kept you waiting,” hingi niya ng paumanhin.

“It’s all right.” Nagulat siya sa mahinahong pananalita nito. Guni-guni lamang ba niya ang nakitang galit sa mukha nito kanina? “Do sit down, Miss Yuzda. I want to talk to you.”

Businesslike ang pakikitungo ng lalaki, hindi katulad noong unang dalawang beses silang nagkita

na accommodating ang dating nito.

Kinakabahang tumalima ang dalaga. She was here for an interview regarding her new job, not for a friendly chat. Kahit nakaupo na siya sa couch na intended para sa mga bisita sa tapat ng malaking mahogany desk ay patuloy ito sa masusing pagmasid sa kanya.

Maging ang kanyang mga mata ay pinag-aaralan na rin ng kaharap. Siguro ay lagpas anim na talampakan ang taas nito. Mukhang malalakas ang balikat nito. Malapad ang dibdib ng binata, medyo moreno ang kutis, matigas ang hilatsa ng mukha, at wavy ang itim na buhok. Halata ang pagiging authoritative nito. His mouth was hard but sensuous. Maganda itong magdala ng damit.

Bigla ay may sumagi sa kanyang isip na isang nakakakiliting pangitain. Ipinilig niya ang ulo upang palisin iyon.

Napalunok si Rachele, saglit na nakalimutang nakatitig siya rito. Alam niya ang reputasyon ni Levin—a rich and famous billionaire with looks and brawn, thirty-two years old and still unmarried. Behind the gorgeous face was a deadly charm that made women swoon over him and men envied him.

He was a man with mixed parentage, half-Filipino at half-Swiss. A graduate from the *Université de Lausanne* in Switzerland, napakatalino raw nitong tao na nang dahil sa driving power nito, kasalukuyang nasa mataas na kinalalagyan ang *Caspari Watches Philippines* at ang iba pang kompanya nito, ang *Caspari Pharmaceuticals* at *Alexei Freight*. Muli ay napalunok siya. Mas nais nitong manirahan sa Maynila at pinatatakbo ang mga negosyo sa ibang bahagi ng mundo online, at sa pamamagitan ng paminsan-minsang paglabas ng bansa.

Bahagyang bumilis ang tibok ng kanyang puso habang patuloy na nakatitig sa kaharap. Natauhan lang siya nang marinig ang bruskong tinig nito.

“Do I pass your standards, Miss Yuzda?”

Namula siya, she felt stupid. Pakiramdam niya ay parang lalamunin siya nito nang buhay.

“I’m sorry, Mr. Caspari. I didn’t mean to stare,” kandautal na paliwanag niya. *Ang mayabang na ’to!* gigil na naisip niya.

Isang sarkastikong ngiti ang itinugon nito.

Nagrebelde ang kanyang kalooban; kung inaakala ni Levin na matatapak-tapakan siya nito ay nagkakamali ito!

Malamig niyang ibinalik ang suwabeng tingin nito.

Bigla ay nagdesisyon siyang maging prangka. “Wala akong kaalam-alam na ako pala ang napili n’yong maging executive assistant, Mr. Caspari. I’ve been with your company for a month, working for Mr. Pimentel.”

“Yes, I already know that. And I have your file with me,” anito na tumingin sa mga papel na nasa harapan nito. “You started working here after you graduated from college. You even enrolled at the *John Robert Powers* to enhance your knowledge.” Tumingin ito sa kanya.

Napatingin din siya sa mga papel na tinitingnan nito. Tumango si Rachelle.

“Are you with someone right now?” walang anu-ano ay usisa nito na ikinagulat niya.

Napakagat-labi siya. Ano ba namang klaseng interview ito! Napakapersonal ng dating. “Siguro naman ay hindi ako naririto para pag-usapan natin ang tungkol sa relasyon ko sa isang lalaki,” pahayag niya sa sarkastikong tinig.

“I’m sorry. But I just want to be sure that you are not engaged to be married. This job is very demanding

and my executive assistant must have more time for me than any other man.”

*Napakaimpertinente talaga ng lalaking ito!* nabubuwisit na sabi niya sa sarili. Gusto na niyang tumayo at mag-walkout dahil hindi na niya matagalan ang ugali ng kaharap. Malayo ito sa Levin na nakilala niya sa party ng *CWP*. Kung ganitong nag-aaway na sila at interview pa lamang, paano kaya kapag nagtatrabaho na siya rito?

“For your information, katulad ng sinabi ko sa ’yo sa party the first time we met, wala akong boyfriend or fiancé,” malamig na saad ni Rachelle.

He smiled at her mockingly before looking at her file again.

“When did you last take a vacation? At saan?”

“Matagal na nang makapagbakasyon ako. I remember it was in *Punta Fuego* sa Nasugbu, Batangas,” sagot niya, remembering how she loved her vacation there. Kitang-kita ang glow sa kanyang magandang mukha. “In case you want to know who I was with, ang kinakapatid kong si Jhoanna ang kasama ko.”

“Let me do my own inquiry, Miss Yuzda.”

Malamig ang tono ng lalaki na lalo niyang ikinainis dahil na rin sa nakitang pagtalim ng mga mata nito. *Ano kaya ang problema ng taong ito?*

“By the way, Miss de Vera has already resigned from her post because she is getting married and will be living in Zambales eventually dahil nakadestino sa Subic ang magiging asawa niya.”

Nagulat si Rachele. Kung gayon ay hindi temporary lang ang kanyang pagtatrabaho kay Levin. “Pero akala ko ba naka-indefinite leave lang si Miss de Vera? Iyon ang sinabi sa akin ni Mr. Teves,” naguguluhang sabi niya, tinutukoy ang Director for Human Resources.

“Nope,” tugon ni Levin na umiling. “Talagang nag-resign na si Karen. Iyon nga lang, hindi pa formal, kaya hindi pa nila alam sa HR.”

Nalungkot siya. “If ever, puwede pa ba akong bumalik kay Mr. Pimentel?”

“We’ll see,” tugon ng lalaki, nagkibit-balikat. “I suggest you come to me on a month’s trial, Miss Yuzda. Kapag napatunayan mo ang iyong sarili beyond my expectations, baka pumayag na akong maging permanent replacement ka ni Miss de Vera. You may begin on Monday. Habang inaayos ni Karen



ang mga dokumento niya sa HR ay magtu-turn over na din siya ng trabaho sa 'yo. It's her responsibility to train her successor." Itinabi na nito ang kanyang file at nag-relax sa upuan, tanda na tapos na ang interview.

Napatungo si Rachelle. Huminga siya nang malalim. Ninenerbyos na tumingin ulit siya sa kausap, ang kanyang mga kamay ay namamawis at napakalakas ng tibok ng kanyang puso.

"Pero paano ang trabaho ko kay Mr. Pimentel?" nauutal na sabi niya.

"You don't have to worry about that. Alam mong hindi pa makakabalik si Mr. Pimentel dito, nagpapagaling pa siya." Pinagmasdan siya ni Levin. "If you will accept the job, you'll receive a much higher pay than what you're receiving right now. Mas lalo pang gaganda ang buhay mo," makahulugang saad nito.

Nagsukatan sila ng tingin. Napansin niyang naningkit ang mga mata ng kaharap na tiningnan ang magkabilang tabi ng kanyang mukha. Naisip niyang napansin nito ang kanyang suot na hikaw na katutubos lang niya mula sa pawnshop. Gayunpaman, hindi siya patatalo sa titig ng lalaki.

"Very well, then. For the salary you're offering,

I'd work for the devil himself." Nasabi na sa kanya sa HR kung magkano ang tatanggapin niya kung sakali, at considerably ay mas mataas nga iyon sa present salary niya. "Will that be all, Sir?"

Ngumiti ang kausap. Tumayo ito at inilahad ang kamay sa kanya. Tumayo rin siya at nag-aatubili man ay tinanggap ang pakikipagkamay nito. Mula sa magkadikit nilang mga balat ay nakadama siya ng kuryente nang pisilin nito ang kanyang kamay. Ganoon din ang nadama niya noon sa pagtitipon kung saan pormal silang nagkakilala. Mabilis niyang pinutol ang pakikipagkamay rito.

Magalang siyang nagpaalam sa lalaki matapos magpasalamat. Tumalikod na siya upang iwan na ito.

---

Samantala, nang makalabas na ang dalaga, sumilay ang isang makahulugang ngiti sa mga labi ni Levin.

*What a woman! Ang lakas ng loob na ikumpara ako sa devil.* Isang mahinang tawa ang pinakawalan niya.

When Rachelle entered his office a while ago, he couldn't take his eyes off her. He felt something stir inside him as he watched her walk toward the couch

and sat in front of him. It was the same feeling like the first time he met her.

Lihim siyang napamura; bakit ba biglang tila hindi siya mapakali? He was always in control of himself. Isa pa, naramdaman niya ang kuryenteng nanulay sa kanyang kaibuturan nang magkamay sila.

Undeniably, sparks flew the very first moment their eyes met. For a woman with an angelic face, she was capable of being catty. He'd certainly never met a female who incited too many emotions in him.

Nang mga araw bago niya makilala sa personal ang firecracker na si Miss Yuzda, aminado siyang bagot na bagot siya sa kalakaran ng kanyang buhay. Everything was smooth sailing. He wanted action and some new challenges. Pero nang makita niya ito sa company party, naglahong parang bula ang kanyang pagkabagot. He felt like a man on an unsure mission. He thought it perverse that he loathed and desired her at the same time.

Halos kalahating oras na ang lumipas nang umalis si Rachelle sa kanyang opisina, subalit wala pa rin siyang matapos na trabaho. Isinantabi niya ang isang folder ng mga papeles na kanyang binabasa. Hindi siya maka-concentrate. Isang pares ng seductive na mga mata at ang misteryosong kulay ng buhok ni

Miss Attitude ang nakikita niya sa balintataw.

Hinagod niya ang kanyang batok at saka nagpatuloy sa pag-iisip. Kung gugustuhin ni Levin, ipapatrabaho na lang niya sa iba ang nais niyang mangyari. Pero hindi lang minor disturbance para sa kanya si Rachelle Yuzda. Now more than ever, mas naging matibay ang paniwala niyang ito nga ang babaeng sumira sa buhay ng kanyang mahal na tiyo at benefactor. Sigurado siyang ang diamond earrings na suot ng babae ay ang alahas ng dating asawa ng kanyang tiyo.

*I'll make you fall hard, Rachelle... . pangako niya sa sarili.*